

# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY LAZARETO

*“TULOY-TULOY NA PAGHAHATID NG TAMANG SERBISYO, IYAN ANG PANGAKONG PATULOY NA TINUTUPAD SA ILALIM NG ADMINISTRASYONG MORILLO-IGNACIO PARA SA MGA CALPEÑO.”* — Mayor Mari-

lou Flores-Morilo.

Sa pangunguna ng napakasigasig na si City Mayor Marilou Flores-Morillo, muling ipinagpatuloy ang bukas-palad at mapagkalingang programa ng Pamahalaang Lungsod na *“Serbisyong TAMA para sa Baran-*

*van”* sa Barangay Lazareto, noong ika-14 ng Hunyo.

Layunin ng aktibidad na ito na maibaba sa mga mamamayan ng Brgy. Lazareto ang mga serbisyong kaloob ng Pamahalaang Lungsod, kasama ang ilan sa mga National Govern-

ment Agency.

Ang mak-

lahang gawaing ito ay dinaluhan ni City Councilor, Atty. Jel Magsuci kasama ang mga Department Head at Program Manager ng City Government of Calapan.

Kasabay ng paghatid ng serbisyo ay nagkaroon din ng “Sectoral Consultation” na isinagawa sa pangunguna ng Punong Lungsod, kasama ang mga Hepe ng bawat departmento, kung

saan ay binigyan ng pagkakataon ang sectoral representatives at ang Sangguniang Barangay ng Lazareto sa ilalim ng pamumuno ni Brgy. Chairman Alexander Lasco para mapag-usapan ang mga mahahalagang bagay na dapat bigyang pansin at masolusyunan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



# THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE  
**PUBLISHER**  
 RUEL T. LANDICHO  
**PUBLISHER / OWNER**

RAIA JENNIFER E. DELA PENA  
**EDITOR IN CHIEF**

MARIA GLENDA LANDICHO  
**OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER**

JACQUILOU LIRIO  
 ANTON VIKTOR LANDICHO  
**STAFF WRITERS**

MARCUS A. NEGADO  
**LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN**

REYMUUND AL USSAM  
**LEGAL CONSULTANT**

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361  
 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



**TINGNAN:** Bilang tugon sa naging kahilingan ni Gobernador Bonz Dolor na mabigyan ng alternatibong pangkabuhayan ang mga pamilyang naapektuhan ng oil spill sa lalawigan, malaking tulong ngayon sa isinasagawang serye ng pagsasanay pangkabuhayan ng Department of Tourism

sa mga naapektuhang pamilya ng iba't ibang bayan na nagsimula pa noong Abril 24 sa bayan ng Pola. Kasunod nito, nakatakda ring mamahagi ang Punong Lalawigan ng starter kit kaagad na makapagsimula ng pangkabuhayan ang mga natukoy na benepisyaryo at

magkaroon ng income na pangtustos sa gastusin ng kani-kanilang pamilya. Kabilang naman sa mga pagsasanay pangkabuhayan na ibinigay sa mga natukoy na benepisyaryo ay Basic Haircutting, Urban Farming, Lei making, Bead Works at Kulinary training. (PIO Calapan)



PRINTING & LETTERPRESS PRINTING • COPY & LETTERPRESS PRINTING • CUPLET & LETTERPRESS PRINTING

**SINAG PUBLISHING AND PRINTING**

# SINAG PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna  
 Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079  
 Email add: tambull\_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!  
 Books, yearbooks, marketing collaterals  
[www.sinagprintingpress.com](http://www.sinagprintingpress.com)  
[sinagprinting@gmail.com](mailto:sinagprinting@gmail.com) / 09175668361

## KALAYAAN 2023: PAGDIRIWANG NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN NG IKA-125 TAON NG KALAYAAN NG PILIPINAS

KALAYAAN, KINABUKASAN, KASAYSAYAN. Nakikiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pagdiriwang ang ika-125 taon ng Kalayaan ng Pilipinas na pinangunahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at Vice Mayor Bim Ignacio, ika-12 ng Hunyo.

Sa pagbibigay-pugay sa watawat ng Pilipinas, isinagawa ng Calapan City BJMP, Eagle Scouts, Mindoro State University sa pan-

lute at handog naman ng Bu-aywa Folkloric Dance Troupe ang isang sayaw na nagpapakita ng kasaysayan ng Pilipinas. Nakiisa din sa pagdiriwang ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, mga Department Heads na pinangunahan ni City Administrator Atty. Reymund Al Ussam, Bureau of Fire Protection, Calapan PNP ang Gun Volley Sa-



## CITY GOVERNMENT OF CALAPAN OPENS ITS DOOR FOR LEGAZPI CITY LGU

ON THE FIRST day of their benchmarking activity at the City of Calapan, the City Government of Calapan led by Mayor Marilou Flores-Morillo welcomed the City Environmental and Natural Resources Office of the City Government of Legazpi City, Albay, June 13.



Together with Ms. Elizabeth Abogado, Calapan CENRO City Partner Coordinator, Mayor Morillo introduced the City of Calapan including some projects and programs being launched for its people.



Legazpi CENRO will be conducting their 2-day benchmarking activity in Calapan since the city has been known for having best practices in implementing Extended Producer Responsibility readiness-related projects especially in waste management practice (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



## LOCAL YOUTH ASSEMBLY 2023 - ORIENTAL MINDORO

SINUPORTAHAN ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang MIMAROPA'S Local Youth Assembly na sa ikatlong pagkakataon ay isinagawa sa Calapan City, Vencio's Garden Hotel and Restaurant Function Hall, Hunyo 11, 2023.

Dinaluhan ito ng mga Local Youth Leaders mula sa 60 Participating Youth Organizations mula sa 14 na munisipalidad at isang lungsod sa buong Lalawigan ng Oriental Mindoro na miyembro ng Southern Luzon Youth Coalition.

Ang Local Youth Assembly ay may layunin na bigyang oportunidad ang Sektor ng Kabataan na higit pang mapalakas ang kaniyang hanay sa pamamagitan ng issue-based approach na kanilang kinakaharap sa mga komunidad at institusyon. Binibigyang pansin din dito ang pagmumulat sa kanilang kamalayan sa

pakikisangkot sa socio-political issues.

Sa nasabing aktibidad ay personal na dumalo si City Mayor Malou Flores-Morillo upang kanyang maiparamdam sa mga kabataan ang kanyang senserong pakikiisa sa kanilang mga adbokasiya.

*"Madalas natin marinig iyong kasabihan na, 'Kabataan ang Pag-asa ng Bayan', ngunit sa mga pagkakataong tulad ngayon kung saan nakikita mismo ng mga mata ko ang bawat isa sa inyo na sobrang desidido at gando na matuto ngayong araw, napapatunayan kong tama nga na kayo ang kinabukasan ng bayang ito.*

*Sa ating mga minamahal at kahanga-hangang kabataan ng Oriental Mindoro, nawa'y huwag mawala sa inyong mga puso ang kagustuhang paglingkuran ang ating mga kababayan at ang ating bayan. Malaki ang tiwala namin sa inyong kahusayan,*

*at palagi kaming nakasupporta sa inyong mga pagsusumikap. Mabuhay ang mga kabataan ng Oriental Mindoro!" - Mayor Malou Morillo.*

Ilan pa sa mga panauhin na nagbigbigay din ng kaniyang mensahe ay sina Atty. Sumingay Mirandato, COMELEC Officer, Commission on Elections-Calapan City at Ms. Cindy Ramirez, Program and Administrative Officer Youthled PH - The Asia Foundation.

Samantala, sa pamamagitan ng recorded message ay nagpaabot din ng kaniyang pagbati sina Ms. Ferry Irish May Santiago, RPM, Executive Director-ADHIKA PH, Inc. at ASec. Reena Vivienne Pineda, Commissioner-Luzon National Youth Commission.

Ilang opisyal din sa lalawigan ang dumalo ay nagpaabot din kanilang pagsuporta gaya nina 2nd District Representative

Hon. Alfonso Umali, Jr., Hon. Joeniña Thalia Aguilon, SK Provincial President, at Hon. Noel Cirujano, Calapan City SK Federation President.

Bahagi ng programa ay tinalakay naman ni Mr. John Vincent Galigao, ADHIKA PH Asst. Program Officer ang Introduction to ADHIKA PH and Local Youth Assembly.

Pinakatampok sa gawain ay ang Open Space: Deliberations on Local Youth Concerns, Needs and Solutions na dinaan sa pamamagitan ng group presentations.

Sumentro ang usapin sa ilang isyu ng mga kabataan na nakakaapekto sa komunidad tulad ng teenage pregnancy, youth involvement in DRRM, advocating freedom of speech, environment/mining, child labor, discrimination to PWD's and IP's, gender discrimination, education, power shor-

tage, out of school youth, insurgency, at agriculture.

Nagtapos ang LYA sa Call for Volunteers - REHISTRO MINDORO na naghihikayat ng mga miyembro upang maging katuwang ng COMELEC para sa voting education campaign.

Ang matagumpay na pagsasagawa ng Local Youth Assembly ay naisakatuparan sa pangunguna ng Youthled PH at ng ADHIKA PH Inc. sa ilalim ng Youth Leadership for Democracy ng The Asia Foundation at ng US Agency for International Development. Katuwang din dito ang City Government of Calapan City, Sangguniang kabataan Provincial Federation of Oriental Mindoro, Calapan City Youth and Sports Development Office, Commission on Elections - Calapan City, Office of the 1st and 2nd Congressional District of Oriental Mindoro. (Junard Acapulco/CIO).

